Pangalan: ______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ___________ Petsa Nang Natapos: ___________Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mahiwagang Butas (Uri ng Pang-abay)

**I. Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap at salungguhitan ang mga pang-abay na ginamit sa mga ito. Isulat sa espasyo ang uri ng pang-abay na sinalungguhitan.

1. Tuwing Linggo nagsasagawa ng operasyong *Tapat Ko, Linis Ko ang Barangay Masipag.*

Uri ng pang-abay: ____________________________________________

2. Tulong-tulong na nililinis ng magkakapit-bahay ang kanilang mga kanal.

Uri ng pang-abay: ____________________________________________

3. Nagpunta sa klinika ang mga batang babakunahan laban sa bulutong.

Uri ng pang-abay: ____________________________________________

4. Kahapon pa nagluluto ang magkakapit-bahay para sa kanilang pista.

Uri ng pang-abay: ____________________________________________

5. Magkakasamang nanood ng liga ang mamamayan ng Barangay Masayahin.

Uri ng pang-abay: ____________________________________________

**II. Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at isulat muli ang mga pangungusap. Dagdagan ito ng pang-abay ayon sa hinihingi ng bawat bilang.

1. Bumabaha sa Barangay Tubig. (pamanahon)

2. Nag-isip si Kapitan Agap ng solusyon sa suliranin. (pamaraan)

3. Ang baha ay bumaba. (pamaraan)

4. Nagtatapon ng basura si Barbara. (pamanahon)

5. Ang basura ay iyong itapon. (panlunan)